Ang Charis Alliance – Charter

Layunin:

Ang layunin mg Charis Alliance ay tumalima sa Dakilang Utos sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagkakaisa at pakikipagtulungan sa samahan ng mga rehiyonal at internasyonal na antas sa mga kasapi sa asosasyon ng mga simbahan na sumasang-ayon sa Pangako ng Charis sa Pangkalahatang Pagkakakinlanlan at Misyon.

Kahulugan ng Pagiging Kasapi:

1. Ang National Association of Churches ay binubuo ng mga kasapi ng Charis Alliance na sumasang-ayon sa Pagpapahayag ng Layunin at nangangakong tatanggapin ang mga Benipisyo at Responsibilidad ng pagiging kasapi.
2. Upang ituring na isang 'Asosasyon,' kinakailangang hindi bababa sa tatlong simbahan ang papasok sa pormal na kasunduan upang makibahagi sa lahat ng mga gawain. Karaniwan, ang mga Asosasyong ito ay nagkakaroon ng legal na estado at kinakatawan ang ating samahan sa kani-kanilang mga bansa.
3. Ang mga bansang hindi aabot sa tatalong simbahan ay hinihimok na maging mga 'tagamasid' sa Charis Alliance.

Benepisyo ng Pagiging Kasapi:

1. May pagkakataon na makasama sa mga regular na pagtitipon ng mga pinuno at ng mga simbahan na may iisang panata sa katotohanang Biblikal, relasyong Biblikal at misyong Biblikal.
2. May pagkakataong makiisa sa mga layunin na isulong ang pagtatatag ng simbahan, pagsasanay sa pamumuno at pagsasama-samang ministeryo;
3. May pagkakataong makapagbahagi ng kaalaman at mapagkukunan ng material na yaman upang matugunan ang pangangailangan at maitatag ang pangmatagalang pag-unlad.
4. May pagkakataong matugunan ang mga usaping ibig ng lahat na pag-usapan at magpahayag ng may iisang tinig para sa mga hindi kasapi ng Charis Alliance.

Tungkulin ng Pagiging Kasapi:

1. Paunlarin at itaguyod ang Pangako sa Pangkalahatang Pagkakakilanlan at Misyon (Common Identity and Mission).
2. Igalang ang karapatan ng mga kasapi sa asosasyon na pamunuan ang kanilang mga panloob na usapin.
3. Ipanalangin ang kalusugan at paglago ng mga namumuno at ang simbahang kabilang sa Charis Alliance, at isaalang-alang kung paano sila pagpapalain at pagsisilbihan.
4. Magtalaga ng mga kinatawan sa Charis Alliance Forum na kuwalipikado upang makapag-

ambag sa kalusugan at paglago ng Charis Alliance.

Muling Pagiging Kasapi:

Isang taon bago ang pagtitipon ng Charis Alliance Forum, lahat ng mga kasaping asosasyon ay kinakailangang ipakita ang kanilang patuloy na pagtalima sa Depinisyon ng pagiging Miyembro. Ang Executive Committee ay magtatatag at pananatilihin ang sistema upang maalalayan ang mga Asosasyon na hindi na tumatalima sa Depinisyon, at maaaring matukoy kung sila ay mabibigyan ng panandaliang estado, at kung kinakailangan, ipawalang bisa ang kanilang pagiging Kasapi.

Pamamahala:

Mga Kinatawan: Ang bawat Kasaping Asosasyon ay hinihikayat na magtalaga ng kinatawan sa Charis Alliance Forum na batay sa mga sumusunod: 3-10 simbahan - isang kinatawan; 11-99 simbahan - dalawang kinatawan; 100 o higit pang simbahan - tatlong kinatawan. Ang bawat kinatawan ay may karapatang magpahayag at bumoto.

Charis Alliance Forum: Ang Forum ang may pananagutan na 1) itaguyod ang layunin at adhikain ng Charis Alliance, 2) patatagin at panatilihin ang mga pangangailangan upang maging kasapi, at 3) magtalaga ng Executive Committee. Ipagpalagay na ang Charis Alliance ay naging matagumpay sa paglikom ng pondo, ang Charis Alliance Forum ay kailangang magtipon kada limang taon.

Executive Committee: Ang Executive Committee ang may pananagutan na 1) suriin at pahintulutan ang mga hiling sa pagiging kasapi, 2) magtalaga ng Task Force upang bigyang pansin ang mga bagay-bagay na kinakaharap ng lahat, 3) lumikha at pamunuan ang mga pondo, 4) planuhin at isakatuparan ang mga pagtitipon ng Charis Alliance Forum, 5) magsalita sa ngalan ng Charis Alliance, at 6) iba pang mga gawain na sa inyong palagay ay kinakailangan para sa ikatatagumpay at ikalalago ng organisasyon.

Ang Executive Committee ay binubuo ng dalawang kinatawan sa bawat rehiyon (Africa, Asia, Europe, Latin America at North America).

Dahil sa kanilang malawak na kasunduan sa paglikha at pagpapalago ng Charis Alliance, ang Encompass World Partners ay inaanyayahan na magtalaga ng miyembro para sa Executive Committee. Kung hindi na muling sasapi, ang paanyayang ito ay mawawala ng bisa sa taong 2025.

Pagbabago Patungo sa Pormal na Organisasyon

Ang paanyayang kilalaning miyembro ng Charis Alliance ay ipinaabot sa mga simbahan ng mga sumusunod na bansa:

Argentina, Bahamas, Brazil, Central African Republic, Cambodia, Cameroon, Canada, Chad, Chile, Czech Republic, Chad, D.R. of Congo, England, France, Germany, Guatemala, Haiti, Ireland, Japan, Kyrgyzstan, Mexico, Nigeria, Philippines, Portugal, Republic of Congo, Sudan, Trinidad, Uruguay at United States of America.

Upang kilalaning miyembro, ang bawat bansa ay dapat na matugunan ang mga katangian ng isang

Asosasyon at magpadala ng petisyon sa Transitional Steering Committee kalakip ang mga sumusunod:

1. Magpahayag ng kagustuhan na maging kasapi ng Charis Alliance;
2. Magpahayag ng pagsangayon sa Pangako ng Charis sa Pangkalahatang Pagkakakinlanlan at Misyon; (Commitments to Common Identity and Mission)
3. Magpahayag ng pagtanggap sa Benepisyo at Pananagutan;
4. Magpahayag na kalakip ng (mga) pangalan ng (mga) miyembrong itinalaga sa Forum.

Ang pagpapasa ng mga sulat upang maging kasapi ay hanggang ika 31 ng Disyembre taong 2016.

Ang Transitional Steering Committee ang susuri at magpapahintulot ng mga kahilingang ito. Kanilang ihahayag ang mga pangalan ng mga Kikilalaning Miyembro at Kinatawan (miyembro ng Charis Alliance Forum) ng hindi lalagpas sa ika 30 ng Enero taong 2017.

Ang Transitional Steering Committee ay bubuuin ng sampung kasalukuyang miyembro ng Charis Steering Committee. Ang komite ay may kapangyarihang magtalaga ng mga miyembro na magsisilbing kapalit ng kung sakaling may miyembrong magbibitiw. Ang Transitional Steering Committee ay hihintong manatili sa kaniyang posisyon kung ang Charis Alliance Forum ay nakapagtalaga na ng Executive Committee.